# Balitang Manmin

BILANG 189 OKTUBRE 15, 2017

# "Umapaw ang Kapangyarihang Lumalampas sa Lugar at Panahon!"

## Ipinalabas sa GCN at sa Internet ang Retreat sa Tag-init ng Manmin 2017



Pagbobrodkast ng GCN

Dumalo ang napakaraming tao mula sa iba't ibang bansa sa buong mundo sa Retreat sa Tag-init ng Manmin 2017 sa pamamagitan ng Internet at GCN.

Naging malinaw ang paningin nina Diakonesa Naomi Ancero, 42 taong gulang, at Kapatid Emmanuel Zafra, 27 taong gulang, mga miyembro ng Cebu Manmin Church, pagkatapos idalangin ni Dr. Jaerock Lee sa retreat. Nakapaglakad si Kapatid John Louise Ancero, 15 taong gulang, ni hindi siya makatayo noon. Si Kapatid Helen Ysmael, 62 taong gulang, mula sa Manila Manmin Church, ay gumaling mula sa makakating pantal, kumain siya ng isda kahit allergic siya dito.

Gumaling din mula sa maraming karamdaman ang mga miyembro ng Nairobi Manmin Holiness Church sa Kenya. Nahirapang huminga dahil sa sinus si Kapatid Ibone Odehuso, 27 taong gulang, pero pagkatapos siyang idalangin ni Dr. Lee, bumuti ang paghinga niya. Gumaling si Kapatid Jedida Wanziru, 19 taong gulang, mula sa sakit ng tiyan, at si Kapatid Crystal Naburin, 34 taong gulang, mula sa pananakit ng ulo at likod.

Si Kapatid Ratree, 33 taong gulang, miyembro ng Chiang Rai Manmin Church sa Thailand ay gumaling mula sa epekto ng neural damage (pinsala ng mga himaymay at ugat) sa likod ng mga tainga niya.

Hindi makapaglakad ng maayos dahil sakit ng mga tuhod si Kapatid Mafutu Malanga Chrispin, 63 taong gulang, miyembro ng Kinshasa Manmin Church ng DR Congo. Pero pagkatapos siyang idalangin ni Dr. Lee sa GCN habang nagaganap ang retreat, nakapaglakad siya agad.

### Naganap sa Bawat Sulok ng Mundo ang Pagpapakita ng Kapangyarihan ng Diyos Dahil Lumalampas Ito sa Lugar at Panahon

Nakasulat sa ilang bahagi ng Biblia ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos na lumalampas sa lugar at panahon. Sa Mateo 8, hiniling ng isang senturion kay Jesus na pagalingin ang kanyang alipin na paralisado, nasa bahay lang ito. Sinabi ni Jesus, "Pupuntahan Ko siya, at pagagalingin," pero sinabi ng senturion kay Jesus, "Panginoon, hindi ako karapat-dapat sa iyo na puntahan Mo ang aking bahay, ngunit sabihin Mo lang ang salita at gagaling ang aking alipin." Sa sinabi niya, naipakita ang malaking pananampalataya niya. Nanampalataya siya na sa salita lang ni Jesus, gagaling ang alipin niya. Namangha si Jesus sa sinabi ng senturion, kaya, sinabi nito, "Humayo ka na; mangyayari para sa iyo ang ayon sa iyong pananampalataya." Gumaling agad ang alipin.

Nakibahagi si Kapatid Inga Maurina Jurkjane, 31 taong gulang, sa Retreat sa Tag-init ng Manmin 2017 sa pamamagitan ng video conferencing system dahil sa Latvia siya naninirahan. Ipinanganak siyang bingi pero nakarinig ang kanang tainga niya pagkatapos idalangin.

Gumaling sina Kapatid Carolyn Guan Ai Chze, 27 taong gulang, at Carol Ai Zhen, 33 taong gulang, mga miyembro ng Singapore Manmin Church, mula sa hirap sa paghinga at sakit sa tuhod. At maraming miyembro ng Nepal Manmin Church ang gumaling sa iba't ibang karamdaman pagkatapos nilang makibahagi sa retreat sa pamamagitan ng pagbobrodkast ng GCN. Napakaraming tao mula sa bawat sulok ng mundo ang nakaranas ng pagkilos ng buhay na Diyos dahil sa kapangyarihan Niyang lumalampas sa lugar at panahon (basahin ang katuloy sa pahina 3 at 4).

### Maranasan ang Espirituwal na Mundo, mga Kasagutan, at mga Biyaya

Naranasan ng mga dumalo ang espirituwal na mundo, nagkaroon sila ng pagkakataon na baguhin ang nilalaman ng kanilang puso. Nabuhay sa takot at kadiliman si Kapatid Veronica Feguilo Goh Shxu Shzuan, 22 taong gulang, mula sa Malaysia, pero nawala ang takot niya. Pinalakas siya ng panalangin na pinanood at sinabayan niya sa GCN.

Nakita ni Kapatid Foong Ming Enn, 38 taong gulang, mula sa Malaysia, nang maglaho ang maiitim na anino at hamog mula sa loob ng ulo niya nang tanggapin niya ang panalangin. Hindi nagtagal, nawala na din ang negatibong pag-iisip niya na matagal ng nasa isipan niya. May naramdamang kung anong bagay na umaakyat sa katawan niya mula sa kanyang baywang hanggang leeg si Kapatid Tugussaihan Demchig, 49 taong gulang. Miyembro siya ng Mongolia Manmin Church. Binigyan siya ng lakas para sundin ang Salita, masaya na siya ngayon sa buhay bilang isang Cristiano.

Marami pang ibang tumanggap ng maraming biyaya. Naging pinuno ng Police Planning Department si Diakono Alfani Rachidi Kayembe, 59 taong gulang, miyembro ng Kinshasa Manmin Church, pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin na lumalampas sa lugar at panahon. Sinabi niya, "Ilang taon nang hindi tumataas ang posisyon ko dahil hindi ako binibigyan ng promosyon ng mga nakatataas sa akin. Pero nagbago ang lahat nang tanggapin ko ang kasagutan sa retreat sa tag-init sa taong ito. Napakasaya ko!"

Pasalamatan at luwalhatiin nating lahat ang Diyos na nagpagaling, nagdulot ng pagbabago, nagbigay ng mga biyaya at kagalakan na lumalampas sa lugar at panahon.

# Mga Luha ng Panginoon



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Pagmasdan natin si Jesus na Siyang nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilagay sa Kanyang harapan ay tiniis Niya ang krus, hindi inalintana ang kahihiyan, at Siya'y umupo sa kanan ng trono ng Diyos." (Sa Mga Hebreo 12:2)

Maraming luha ang pumatak mula sa mga mata ni Jesus dahil sa umaapaw na pag-ibig sa puso Niya. Ito ang pag-ibig Niya sa Diyos Ama at mga kaluluwa. Dapat nating maintindihan kung bakit 'lumuluha ang Panginoon' at damahin ang dakilang pag-ibig Niya na nagiging luhang tumutulo mula sa kanyang mga mata. Basahin natin ang tatlong kahulugan ng pagluha Niya.

### Una, Lumuha Siya para sa Kaligtasan ng mga Kaluluwa

Dumating si Jesus dito sa lupa para maging Tagapagligtas. Kahit Siya at ang Diyos ay iisa, iniwan ni Jesus ang kaluwalhatian at nagkatawang tao. Bumaba Siya para sa mga kaluluwa na nakatakdang tumanggap ng walang katapusang kaparusahan at kamatayan dahil sa mga kasalanan. Nais Niyang iligtas ang mga ito mula sa nakatatakot na impiyerno at dalhin sa napakagandang langit. Ipinangaral Niya ang tungkol sa Langit at nagpakita Siya ng mga tanda at himala.

Ginawa Niya ito para makita ng mga kaluluwa na kakaunti lang ang kabutihang natitira sa mga puso na si Jesus ang Anak ng Diyos at ang Cristo. Pero maraming hindi naniwala sa Kanya, nagalit pa sila, at inisip na nasisiraan Siya ng bait. Hindi rin naniwala sa Kanya ang mga kamag-anak Niya. Pinaniwalaan nila ang mga maling balita ng mga taong nagsikap na pigilan si Jesus.

Hinusgahan ng mga mananaggol at mga Fariseo si Jesus nang magpagaling Siya ng mga maysakit sa araw ng Sabbath. Nang magpalayas si Jesus ng mga demonyo mula sa mga taong sinapian, inalipusta nila si Jesus, sinabi nilang nagagawa ito ni Jesus dahil nagpapasakop ito sa mga demonyo.

Ginamit ni Jesus ang anyo ng mga kaluluwa dahil sa layunin Niya na makapagligtas ng mga makasalanan. Hindi kinilala ng mga tao kung sino si Jesus. Nainggit ang mga mananaggol at mga eskriba kay Jesus nang palibutan ito ng mga tao para makinig sa makalangit na ebanghelyo na itinuturo nito. Parami ng parami ang mga taong sumunod sa Kanya nang magpakita Siya ng mga tanda at himala. Nagkasundo ang mga Fariseo at mga punong pari sa layon nilang patayin si Jesus.

Nakita, narinig, at nadama ni Jesus mismo ang saloobin ng masasamang taong ito. Idinalangin Niya sila at napaiyak pa Siya. Hiniling Niya na maligtas din ang mga tumatanggi, nanghuhusga, at nanghahatol sa Kanya, hindi lang ang mga sumusunod at tumatanggap sa Kanya. Ang mga luha ni Jesus ay para sa kagustuhan Niyang maligtas ang mga kaluluwa.

### Pangalawa, Lumuha Siya para sa Pagbabago ng mga Kaluluwa

Noong panahon ni Jesus, maraming hindi nakaintindi ng espirituwal na mensahe dahil binulag sila ng makalaman na mga saloobin. Kapag sinasabi ni Jesus, "Ako ang tinapay na bumaba mula sa langit," ayon sa Juan kabanata 6, may mga umangal, kahit mga sumusunod kay Jesus, sinabi nila, "Mahirap unawain ang sinasabi nito; sinong makikinig at makakaunawa nito?" Lumayo kay Jesus ang iba sa kanila.

Marami ring hindi nakaintindi ng kalooban ng Diyos dahil nagmamalinis sila at nagmamagaling. Sa Mateo kabanata 15, binantayan ng mga Fariseo at mga eskriba ang bawat galaw ni Jesus para makakita sila ng dahilan para akusahan ito. Nakipagtalo sila kay Jesus nang marinig nilang hindi ito sang-ayon sa pagmamalinis at mga pananaw nila. Sa halip na pagsabihan sila, tinulungan sila ni Jesus na makaintindi sa pamamagitan ng mga talinhaga. Sa pagmiministeryo ni Jesus, gumamit Siya ng mga salitang may malalim na kahulugan at mga talinhaga para maintindihan ng mga Fariseo at mga eskriba ang mabuting kalooban ng Diyos.

Idinalangin din ni Jesus nang buong pagmamahal ang mga alagad Niya na palagi Niyang kasama. Inisip Niya na maiiwan Niya ang mga ito pagkatapos ng pagpako sa Kanya sa krus. Inasahan Niya na tutuparin ng mga ito ang mga tungkulin nila para makasama Niya ang mga ito sa Langit magpakailanman pagdating ng tamang panahon. Inisip Niya ang bawat isa sa kanila, hiniling Niya sa Diyos na alagaan ang bawat isa sa kanila. Nagpalakas sa mga alagad ang marubdob na panalangin ni Jesus.

Sinabi ni apostol Pablo sa Mga Taga-Roma 8:35-37, "Sino ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kahirapan ba, o ang kapighatian, o ang pag-uusig, o ang taggutom, o ang kahubaran, o ang panganib, o ang tabak? Gaya ng nasusulat, 'Dahil sa iyo kami'y pinapatay sa buong araw; kami ay itinuring na mga tupa sa katayan.' Ngunit sa lahat ng mga bagay na ito, tayo'y higit pa sa mga nagtatagumpay sa pamamagitan Niya na sa atin ay umibig." Pinarangalan ang lahat ng mga alagad ng Panginoon, kasama si Matias na pumalit kay Judas Iscariote. Ang mga pangalan nila ay nakaukit sa 12 pundasyong mahalagang bato ng Bagong Jerusalem.

### Pangatlo, Lumuha ang Panginoon para sa Kaluwalhatian ng Diyos

Hindi ang Diyos ang hinanap ng mga tao, naging alipin ang mga ito ng kaaway na diyablo at Satanas kaya nagkatawang tao si Jesus at bumaba sa lupa. Kahit ang Diyos lang ang karapat- dapat purihin ng mga tao, sinamba nila ang mga walang kabuluhang mga diyus-diyosan. Si Jesus ay nagsulong ng buhay na nagbigay ng kaluwalhatian sa Diyos. Sa pagpapakita Niya na makapangyarihan ang Diyos, itinaas Niya ang pangalan ng Diyos sa kataas-taasan.

Nang sabihin kay Jesus na maysakit sa Lazaro, sinabi Niya sa Juan 11:4, "Ang sakit na ito'y hindi tungo sa kamatayan, kundi para sa ikaluluwalhati ng Diyos, upang ang Anak ng Diyos ay luwalhatiin sa pamamagitan nito." sa huli, muling binuhay ni Jesus si Lazaro na apat na araw ng patay. Maraming salamat sa himalang ito, naipakita ang kapangyarihan ng Diyos, at nagsimulang magtiwala ang mga tao kay Jesus.

Bukod dito, ang pipi ay nakapagsalita, at ang pilay ay nakapaglakad, ginawa Niyang normal ang lumpo. Binigyan Niya ng paningin ang bulag, pinalayas ang mga demonyo, at pinagaling ang mga may ketong.

Nais ni Jesus na bigyan ng mga tao ng kaluwalhatian ang Diyos kaya ipinakita Niya ang mga tanda tulad nito. Nais Niyang paniwalaan ng mga tao na ang Diyos ay Dakila at walang imposible para sa Kanya. Nais Niyang malaman ninyo na ang Diyos ay ang nag-iisang tunay na Diyos, at dapat Siyang sambahin at purihin.

Ito rin ang dahilan ng pagsagot Niya sa mga panalangin kapag nananalangin tayo sa pangalan ni Jesu-Cristo. Sinabi ni Jesus sa Juan 14:13, "At anumang hingin ninyo sa Aking pangalan ay Aking gagawin, upang ang Ama ay maluwalhati sa Anak."

Ang pagdurusa ni Jesus sa krus ay para sa kaluwalhatian din ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagtubos at pagsasakripisyo ni Jesus mapapatawad ang mga kaluluwa at magiging mga anak ng Diyos. Sa pagkamatay Niya, inasahan Niya na malulugod ang Diyos kung magkakaroon ng mga tunay na anak. Ang kaloobang ito ni Jesus ay nakasulat sa panalangin Niya sa Ama noong araw na dakpin Siya. Sa Juan 17:4-5, nanalangin si Jesus, "Niluwalhati Kita sa lupa, sa pagtatapos Ko ng gawaing ibinigay Mo sa Akin. At ngayon, Ama, luwalhatiin Mo Ako sa Iyong harapan ng kaluwalhatiang Aking tinaglay sa harapan Mo bago nagkaroon ng sanlibutan."

Makikita natin dito na nabuhay at namatay si Jesus para sa kaluwalhatian ng Diyos. Maraming luha ang iniiyak Niya habang narito Siya sa lupa, ang bunga nito ay dakila. Maraming naging anak ang Diyos, at naluwalhati at maluluwalhati sa pamamagitan ng mga ito magpakailanman.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, ang mga luha ni Cristo ay mga luha ng pag-ibig, nagpapatunay ito ng Kanyang sakripisyo para sa mga kaluluwa. Kayo ang mga bunga ng mga luha ng Panginoon (Mga Awit 126:5-6). Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na luwalhatiin ninyo ang Diyos sa pagkakaroon ng mas mabubuti at mas magagandang mga bunga.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "Kahit nasa Nepal kami, pakiramdam namin, kasama kami sa retreat, umapaw ang pagpapagaling at mga biyaya!"


Mga Nagpatotoo

Nakibahagi ang mga miyembro ng Nepal Manmin Church sa Retreat sa Tag-init 2017 sa pamamagitan ng panonood sa GCN. Sinabayan ng pagbobrodkast ng GCN ang mga kaganapan doon. Naranasan nila ang mga kamangha-manghang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na lumalampas sa lugar at panahon.

Lumaya mula sa matinding pananakit ng ulo si Kapatid Sanu Lana, 52 taong gulang. Maligaya na siya ngayon. Nawala ang pananakit ng kaliwang binti ni Kapatid Rita Bhujel, 28 taong gulang, napinsala ito noon. At si Kapatid Ramji Sunar, 14 taong gulang, ay napagaling mula sa pananakit ng kaliwang kasu-kasuan, isang buwan nang sumasakit ito. Masipag na siyang magsimba ngayon. Sinabi niya na nalaman niya ang tungkol sa Diyos sa pagbabasa niya ng *Ang Mensahe ng Krus.*

Nahihirapang huminga at makapaglakad si Kapatid Deborah Chaudri, 29 taong gulang. Pero pagkatapos idalangin, nawala ang pananakit na nararamdaman niya. Nakapaglakad siya ng maayos at gumaling din ang matagal na niyang sakit sa panunaw.

Nahirapan ding huminga si Kapatid Hanna Sunar, 43 taong gulang, may thyroiditis kasi siya. Pinagdusahan din niya ang rayuma. Kung minsan masakit ang buong katawan niya. Nang idalangin siya, nawala ang lahat ng pananakit, normal na ang paghinga niya.

Masakit ang buto sa binti (lulod) at paa ni Diakonesa Jyoti Maharjan, 39 taong gulang, nahirapan siyang makapaglakad. Pero pagkatapos ipanalangin, nawala ang pananakit at nakapaglakad siya ng normal.

Nagdusa sa pamamanas ng mga binti at panunuyo ng labi at bibig si Kapatid Aaite Shing Waiba, 84 taong gulang. Pero nang idalangin ito, nawala ang pamamaga ng binti niya at ang panunuyo ng labi at bibig niya.

Malabo ang paningin ng mga mata ni Kapatid Namrata Bogati, 57 taong gulang, 5 taon na ring barado ang ilong niya. Pagkatapos idalangin, bumuti ang paningin niya at lumuwag ang paghinga niya.

Napaso ang kaliwang tainga ni Kapatid Neha Thapa Magat, 10 taong gulang, nawala ang pananakit nito dahil sa panalangin; nawala ang pananakit ng ngipin ni Kapatid Sudikshya Rai. 14 taong gulang, natanggal din ang pananakit ng mata ni Kapatid Kanchimaya Rumba, 39 taong gulang. Nawala naman ang pananakit sa loob ng bibig ni Kapatid Hira K.C., 49 taong gulang.

Lumakas ang pananampalataya sa Diyos na buhay ni Kapatid Asmita Silwal, 33 taong gulang, at lumago ang pananampalataya ng asawa niya, sumusunod na siya sa Araw ng Sabbath. Nalaglag mula sa isang mataas na punungkahoy ang nanay niyang si Sita Sen, nabali ang mga tadyang at sternum (breastbone) niya. Naospital siya, pero limang araw pagkatapos na maipanalangin, bumuti ang pakiramdam niya. Pinauwi siya ng doktor. Sumama siya sa retreat, at biglang nawala ang pananakit ng dibdib niya. Nakakatulog na siya habang nakalapat ang likod sa kama.

Pinilit si Kapatid Ram Bhahadur Rumba, 47 taong gulang, ng asawa niyang dumalo sa papuri at pagsamba sa tabi ng campfire. Pumayag siya, tumanggap siya ng malaking pagpapala. Dahil puspos siya ng Banal na Espiritu, sinabi niya na parang nasa Langit siya, ayaw na niyang umuwi. Sinabi ni Kapatid Kunti Magar, 47 taong gulang, na nalulungkot at nasasaktan ang damdamin niya. Pero nang makilala niya si Dr. Lee, nalaman niya ng kalooban ng Diyos para sa kanya. Nagbago ang buhay niya. Ipinaabot ni Kapatid Ngimdni Tao, 39 taong gulang, ang kagalakan niya. Sinabi niya na tumanggap siya ng pagpapalang pagsisisi sa unang pagkakataon habang kinakanta ang 'Amazing Grace'.

Hinaplos ng pagmamahal ng pastol si Kapatid Aman Shrestha, 19 taong gulang, habang nangunguna ito sa papuri at pagsamba sa tabi ng campfire. Nagdesisyon siyang magbago at mapuno ng pananampalataya. Pasan ni Kapatid Sarita Lo, 32 taong gulang, ang napakaraming problema bago siya nagsimulang dumalo sa Nepal Manmin Church. Sinabi niya, "Gutom ako dahil wala akong makain, pero nang pumunta ako sa iglesya, tumanggap ako ng biyaya. Sapat na ang pagkain namin, may kakayahan na din ako na paaralin ang mga anak ko. At pagkatapos kong tanggapin ang panalangin sa retreat, nawala ang pananakit ng tiyan ko na hindi gumagaling."

## Ang temperatura ay 25-26 degrees Celsius, pero hindi apektado ng bagyo ang mga miyembrong Hapon




Noong Agosto 6, 2017, isang araw bago idaos ang retreat, sinabi ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na ang teperatura ay mananatiling 25-26 degrees Celsius habang idinadaos ang retreat sa Deogyusan Resort, Muju. Nangyari ang sinabi niya. Ang himalang mangibabaw sa lagay ng temperatura ay nangyari din sa mga iglesyang sangay sa ibang bansa. Naranasan ng mga miyembro ang kapangyarihan ng Diyos.

Ang temperatura sa lugar ng Mongolia Manmin Church ay 25-26 degrees Celsius nang sabayan nila ang retreat sa pagbobrodkast ng GCN. Sa Madurai, ang temperatura ay 32 degrees Celsius, pero umulan isang araw bago ganapin ang retreat kaya bumaba ito sa 26 degrees nang magtipon na ang mga miyembro para sa retreat. Habang idinadaos ang pagsamba at papuri sa tabi ng campfire, may banayad at malamig na hanging humihihip, nanatili ang temperatura sa 26 degrees. Pinanood ang naka-record na video ng retreat sa GCN ng mga miyembro ng Kinshasa Manmin Church sa DR Congo (litrato sa itaas). Habang pinanonood nila ito ang temperatura ay 25 degrees Celsius kahit kadalasan 30-33 degrees ang temperatura sa umaga at tanghali. Naranasan ng mga miyembro sa buong mundo ang kapangyarihan ng Diyos na nangingibabaw sa temperatura.

Ilang araw bago maganap ang retreat, nabalitaan ng mga miyembro sa Japan ang tungkol sa bagyong Noru, panglimang bagyo ito sa lugar nila. Tatama ito sa Kyushu sa Agosto 6 papuntang Tokyo sa Agosto 7. Humiling sila ng panalangin mula sa malaking iglesya. Noong Agosto 6 sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga, idinalangin ni Dr. Lee ang pagpunta nila sa Korea. Humina ang bagyo at tuluyan itong nawala. Nakapunta sila sa Korea, walang naging problema. Naranasan ulit ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ng apatnapu't pitong mga pastor at mga miyembro.

# "Pagakatapos tanggapin ang panalangin sa pamamagitan ng GCN, napanaginipan kong pinagaling ako, at naging malusog nga ako!"



**Madalas masama at mainit ang pakiramdam ng katawan ni Diakonesa Maria, 45 taong gulang, miyembro ng Chennai Manmin Church sa India.** Dalawang taon nang sumasakit ang tuhod niya dahil sa rayuma, lalo na kapag hahawakan ito. Nakibahagi siya sa retreat ngayong taong ito sa pamamagitan ng panonood ng pagbobrodkast ng GCN. Nang tanggapin niya ang panalangin ni Dr. Lee, parang may nagbuhos sa kanya ng malamig na tubig ng tatlong beses Pumasok sa katawan at puso niya ang lamig.

Pag-uwi niya, natulog siya, nanaginip siya ng misteryosong panaginip. Sa panaginip, nasa tubig siya pero biglang nawala ang tubig. May lumabas na pusa mula sa puson niya at may lumabas na paniki sa tiyan niya. Pagkatapos, isang malaking tigre ang lumabas sa dibdib niya, sinabi nito sa kanya, "Kailangan kita." May Koreanang babae na nagsabi, "Naligtas si Maria dahil sa mahalagang dugo ng Panginoon." Noong una, nagalit ang tigre, pero nang sabihin ng babae na si Maria ay isang tupa ng pastol, tumakbo ito palayo. Hindi nagtagal, nawala ang masasakit sa buong katawan niya at gumaling ang rayuma niya sa tuhod. Naging malusog siya.



**Tatlong linggo nang may matinding pananakit ng tiyan si Kapatid Boocher, 19 taong gulang, miyembro ng Chiang Rai Manmin Church,** bago idaos ang retreat. Sa pagsusuring ginawa sa kanya sa ospital sinabing pumutok ang appendix niya at namaga ang mga kalamnan ng tiyan niya. Nagpaopera siya pero nagkaroon ng problema sa paglilinis ng sugat sa loob ng tiyan niya dahil nagnana ito.

Dumalo siya sa retreat sa pamamagitan ng GCN, tinanggap niya ang panalangin. Kinagabihan, napanaginipan niya na inilapat ni Dr. Lee ang kamay nito sa ulo niya. Natiyak niya na gagaling siya, at sa resulta nng ginawang pagsusuri, wala na ang pamamaga.



# "Gumaling ang 25 taong pagkakasakit ng diabetes, walang anumang komplikasyon!"

Diakonesa Rebecca, 47 taong gulang, Chennai Manmin Church, India



Sa nakaraang tatlong taon, hindi ako mapalagay dahil sa alta presyon at komplikasyon ng diabetes. Mataas ang blood sugar ko, mahigit sa 600. Dahil sa mga ito, naoospital ako. Habang tumatagal palala ng palala ang kondisyon ko. Naapektuhan na din ang kanang mata ko, at sa bandang huli, nabulag na ito.

Pero tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa GCN habang ginaganap ang pagsamba, bumuti ang kalagayan ko. Idinalangin ako ni Pastor Joseph Han, ng mga miyembro ng iglesya, at ng pamilya ko. Nababawi ko na ang lakas ng katawan ko.

Samantala, naghandog ako ng isang araw na pag-aayuno at pananalangin para tumanggap ng lubos na paggaling bago maganap ang retreat. Pero tumaas ang blood sugar ko, hindi ako makatulog mabuti sa loob ng tatlong linggo dahil nasusuka ako. Ni hindi ako makapaglakad. Nagtiwala ako na sasagutin ng Diyos ang panalangin ko. Napagtagumpayan ko ang kalagayan ko!

Nakadalo ang pangalawa kong anak na lalaki sa Retreat sa Tag-init dahil sa imbitasyon ng Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor ng Manmin na si Rev. Heesun Lee. Premyo sa kanya ito dahil dumalo siya sa Espesyal na Pulong Panalanging Daniel.

Noong Agosto 6, Linggo ng umaga, tumanggap siya ng panalangin mula sa Punong Pastor sa Korea. Nang sandaling iyon, may himalang nangyari sa akin sa India. Lumakas bigla ang katawan ko at nakagalaw ako. Parang lumaya at gumaan ang katawan ko. Bumalik ang lakas ng katawan ko, nakapagsimba ako. Noong gabing iyon, nagboluntaryo ako na magpadala ng mga kopya ng *Balitang Manmin* sa Tamil.

Noong Agosto 7, unang araw ng retreat, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor sa pagbobrodkast ng GCN. May naramdaman akong isang bagay na lumabas mula sa tiyan ko. Pagkatapos, nawala ang lahat ng pananakit sa katawan ko, at napuspos ako ng Banal na Espiritu. Pag-uwi ko, nakatulog ako ng mahimbing. Hallelujah!

Nawala ang diabetes na nagbigay sa akin ng problema sa loob ng 25 taon. Pakiramdam ko, ipinanganak akong muli. Nagpapasalamat ako sa Diyos ng pag-ibig, dahil dinala Niya ako sa mga kasagutan at mga biyaya. Siya rin ang kasagutan sa lahat ng problema ko.



# "Masaya ako dahil nakakatakbo na ako!"

Kapatid Daniel Bren,
18 taong gulang, Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya



Bata pa lang ako, may problema na ako sa puso. May masakit akong nararamdaman kapag lumalakad o tumatakbo ako. Hindi ko magawang maglakad o tumakbo kahit gusto ko. Pero, noong Agosto 7, nang dumalo ako sa retreat sa GCN para sa taong ito, may nagbago sa akin.

Pagkatapos magdaos ng seminar ng Punong Pastor, isinunod niya ang pagsisisi, papuri, at pananalangin. Lubos ang ginawa kong pagsisisi dahil paulit-ulit ang paggawa ko ng kasalanan kahit pinagsisihan ko na ang mga ito dahil Cristiano na ako. Pinagsisihan ko rin ang kayabangan, pagiging makasarili, at mga sama ng loob.

Idinalangin kami ng Punong Pastor. Habang nananalangin siya, nagsimulang gumalaw ang mga binti ko, parang may gustong lumabas mula dito. Pagkatapos, bumuti ang pakiramdam ko, naging malaya.

Kinabukasan, malamig at mabuti ang lagay ng panahon pagpunta ko sa iglesya para sa retreat. Bigla kong naisipang tumakbo. At nakakamangha, hindi sumakit ang dibdib ko. Nasorpresa ako, sinubukan kong lumakad ng napakabilis. Walang masasakit. Hindi na sumakit ang dibdib ko, wala na akong problema. Hallelujah!

Nagpapasalamat ako sa Diyos sa ibinigay Niyang pagpapala sa akin para makapagsisi kahit hindi ako nabubuhay ayon sa kalooban Niya at paulit-ulit na nagkakasala. Nagpapasalamat ako sa Kanya dahil pinagaling at binago Niya ako.



# "Agad akong pinagaling mula sa scoliosis, 5 taon kong naging sakit ito!"

Kapatid Josephine Adorable,
26 taong gulang, Manila Manmin Church, Pilipinas




Sa nakaraang 5 taon, sumakit ang likod ko dahil sa scoliosis. Kaya kapag tumatayo ako o umuupo nang matagal, nasasaktan ako. Mas malala ang pananakit kapag nagtatrabaho ako sa opisina dahil buong araw akong nakaupo. Napakasakit ng likod ko kaya pinapalo ko ito ng kamao ko, bumabaling ako sa kaliwa at sa kanan, o nag-iinat para mawala ang masakit na pakiramdam. Gusto kong gumaling sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoon. Nanalangin ako sa Diyos, hindi ako uminom ng gamot o nagpatingin sa doktor.

Inabangan ko ang retreat sa tag-init para sa taong ito dahil nga sa problema ko. Sa unang araw nito, pumunta ako sa iglesya namin para manood ng mga kaganapan sa retreat sa pamamagitan ng GCN, kasama ko ang ibang miyembro ng iglesya. Masayang-masaya ako, maraming inasahan.

Nang idalangin ng Punong Pastor ang mga maysakit pagkatapos ng seminar, may naramdaman akong banayad na haplos sa likuran ko, naging kumportable ang pakiramdam ko. Pagkatapos, nawala ang pananakit ng likod ko. Matagal akong nakaupo, mahigit sa apat na oras, dahil isinasalin ko sa Tagalog ang Ingles na pagbobrodkast, pero walang naging problema.

Nagpapasalamat ako sa Panginoon, kalooban Niya na makatagpo ko ang mabuting Diyos na nagpagaling at sumagot sa mga dalangin ko.

X-ray scan




Bago idalangin, may scoliosis (may kurba ang gulugod)

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas<br>Pastor Jaebhong Uhm<br>0977-329-4789 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas<br>Pastor Jaebhong Uhm<br>2-735-1423 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas<br>Pastor Jaebhong Uhm<br>0977-329-4789 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |